Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong ligal na ibinahagi ng HUD. Inilaan ng HUD ang pagsasaling ito bilang lamang mapadaling gumabay sa iyong pag-uunawa ng iyong mga karapatan at obligasyon. Ang bersyong Ingles ng dokumentong ito ang opisyal, ligal, at masusunod na dokumento. Ang isinaling dokumentong ito ay hindi isang opisyal na dokumento.

**Kagawaran ng U. S. sa Pabahay at Pagpapaunlad sa Lungsod**
**Tanggapan ng Pabahay Tanggapan ng mga Programang Pabahay sa Sari-saring Pamilya**

PROYEKTONG PAGPAPA-UNLAD SA KABUUANG PAGPAPA-UPA SA PABAHAY

# Ikaw & EIV

PAGPAPATOTOO ng KITANG PANGKALAKALAN

**Ano ang Dapat MONG Malaman**
**kung Ikaw ay Nag-aaplay para o Nakakatanggap**
**Tulong sa Paupa sa pamamagitan ng Kagawaran ng U. S. sa Pabahay at Pagpapaunlad sa Lungsod (HUD)**

## Ano ang EIV?

Ang EIV ay isang web-based computer system na naglalaman ng mga impormasyon sa empleyo at kita ng mga indibidwal na nakikilahok sa mga programang tulong sa paupa ng HUD. Ginagabayan ang HUD ng impormasyong ito sa pagniniguradong "ang mga tamang benepisyo ay napupunta sa mga tamang tao".

## Ano ang mga impormasyon tungkol sa kita na nasa EIV at saan ito nagmumula?

**Ang Social Security Administration:**
Mga benepisyong Social Security
Mga benepisyong Supplemental Security Income
Mga benepisyong Dual Entitlement SS

**Ang Department of Health and Human Services (HHS) National Directory of New Hires (NDNH):**
Mga Sweldo
Kita sa kawalang-empleyo
Bagong empleyo (W-4)

## Saan ginagamit ang impormasyon sa EIV?

Naglalaan ang sistemang EIV sa may-ari at/o namamahala ng ari-arian na kung saan ka nakatira ng iyong impormasyon sa kita at kasaysayan ng empleyo. Ginagamit ang impormasyong ito upang tugunan ang mga pangangailangan ng HUD na malayang patotohanan ang iyong empleyo at/o kita kapag ikaw ay muling nagpa-sertipika para sa patuloy na tulong sa paupa. Ang pagkuha ng impormasyon mula sa sistema ng EIV ay mas tumpak at mas mabilis at mura para sa may-ari o namamahala kaysa sa direktang pakikipag-ugnayan sa pinagmumulan ng iyong kita para mapatotohanan.

Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong ligal na ibinahagi ng HUD. Inilaan ng HUD ang pagsasaling ito bilang lamang mapadaling gumabay sa iyong pag-uunawa ng iyong mga karapatan at obligasyon. Ang bersyong Ingles ng dokumentong ito ang opisyal, ligal, at masusunod na dokumento. Ang isinaling dokumentong ito ay hindi isang opisyal na dokumento.

Maaaring magamit ng mga may-ari ng ari-arian at mga namamahala ang sistemang EIV upang matukoy kung ikaw ay:

- wastong nag-uulat ng iyong kita

Maaari rin nilang matukoy kung ikaw ay:

Gumamit ng maling numero sa social security
Nabigong iulat o maling nag-ulat ng kita ng asawa o ibang miyembro ng sambahayan
Nakatanggap ng tulong sa paupa sa ibang ari-arian

## Kailangan ba ng aking pahintulot upang makuha ang impormasyon tungkol sa akin mula sa EIV?

Oo. Noong ikaw ay pumirma ng pormularyo HUD-9887, Paunawa at Pahintulot sa Paglabas ng Impormasyon, at pormularyo HUD-9887-A, Pahintulot ng Applicant's/Tenant's sa Paglabas ng Impormasyon, ikaw ay nagbibigay ng pahintulot para sa HUD at sa may-ari ng ari-arian na makakuha ng impormasyon tungkol sa iyo upang patotohanan ang iyong empleyo at/o kita at tukuyin ang iyong pagiging-maaari para sa tulong sa paupa ng HUD. Maaaring magbunga ang iyong pagkabigong lumagda sa pormularyong pahintulot sa pagtanggi sa tulong o pagwawakas ng iyong mga benepisyo sa tulong sa pabahay.

## Sino ang may daan sa impormasyong EIV?

Ikaw lamang at ang mga partidong nakalista sa pormularyong pahintulot HUD-9887 na kailangan mong lagdaan upang magkaroon ng daan sa impormasyon sa EIV na patungkol sa iyo.

## Ano ang aking mga pananagutan?

Bilang umuupa sa tinutulungang ari-arian ng HUD, kailangan mong sertipikahing ang impormasyon inilaan sa aplikayon para sa tulong sa pabahay at ang pormularyong ginamit upang masertipika at muling masertipika ang iyong tulong (pormularyo HUD-50059) ay tumpak at matapat. Ito rin ay inilarawan sa polyetong *Tenants Rights & Responsibilities (Mga Karapatan at Pananagutan ng Umuupa)* na ang iyong may-ari ng ari-arian o namamahala ay kailangang ibigay sa iyo kada taon.

**Mga kaparusahan sa pagbibigay ng mga maling impormasyon**

Ang pagbibigay ng maling impormasyon ay panglilinlang. Kasama sa mga parusa para sa mga nagsasagawa ng panloloko ay pagpapalayas, muling pagbayad ng mga sobrang kabayarang tulong na natanggap, multa hanggang $10,000, pagkakulong nang hanggang 5 taon, pagbabawal na makatanggap ng anumang tulong sa paupa sa hinaharap at/o mga parusang pang-estado at lokal na pamahalaan.

**Proteksyunan ang iyong sarili, sumunod sa mga pangangailangan sa pag-uulat ng HUD.**

Kapag kinukumpleto ang mga aplikasyon at muling sertipikasyon, kailangan mong isama ang lahat ng mga pinagmumulan ng iyong kita o natatanggap ng sinumang miyembro ng sambahayan. Kasama sa ilang mga pinagmumulan:

Kita mula sa mga suweldo
Mga bayad sa kapakanan
Mga benepisyo sa kawalang-trabaho
Mga benepisyong Social Security (SS) o Supplemental Security Income (SSI)
Mga benepisyo sa Beterano
Mga pensyon, pagrereretiro, atbp.
Kita mula sa mga puhunan

Mga perang natanggap sa ngalan ng bata katulad ng:

*-Suporta sa bata*
*-Mga bayad sa AFDC*
*-Social Security para sa mga bata, atbp.*

Kung mayroon kang anumang katanungan sa kung ang pera ay dapat mapabilang sa kita, tanungin ang iyong may-ari ng ari-arian o namamahala.

Kapag mayroong mga pagbabagong nagaganap sa kita ng iyong sambahayan o komposisyon ng pamilya, agarang makipag-ugnayan sa iyong may-ari ng ari-arian o namamahala upang matiyak kung ito ay makaka-apekto sa iyong tulong sa paupa.

Kinakailangang maglaan sa iyo ang iyong may-ari ng ari-arian o namamahala ng isang kopya ng makatotohanang pilyego "Paano Tinutukoy ang Iyong Upa" na kasama ang isang listahan kung ano ang kasama o hindi kasama sa kita.

## Paano kung ako ay hindi sangayon sa impormasyon sa EIV?

Kung hindi ka sumasang-ayon sa impormasyong nakapaloob sa EIV tungkol sa iyong empleyo at/o kita, kailangang sabihin mo sa iyong may-ari ng ari-arian o namamahala. Direktang makikipag-ugnayan ang iyong may-ari ng ari-arian o namamahala sa pinagmumulan ng iyong kita upang makakuha ng patotoo sa empleyo at/o kita na hindi mo sinasangayunan. Kapag natanggap na ng iyong may-ari ng ari-arian o namamahala ang impormasyon mula sa pinagmumulan ng kita, ipapaalam sa iyo ang mga resulta nang nakasulat.

## Paano kung hindi ko inulat ang dating kita at ngayon ay kasalukuyang inuulat sa EIV?

Kung isinusuwalat ng ulat EIV ang kita mula sa naunang panahon na hindi mo inulat, mayroon kang dalawang opsyun: 1) maaari kang sumangayon sa ulat ng EIV kung ito ay tumpak, o 2) maaari mong pasinungalingan ang ulat kung ito'y pinaniniwalaan mong hindi tumpak. Magsasawaga ang may-ari ng ari-arian o namamahala nang nakasulat na pagpapatotoo ng pangatlong partido sa nag-uulat na pinagmumulan ng kita. Kung kinumpirma ng pinagmumulan na ang kita ay wasto, kakailanganin mong muling bayaran ang anumang labis na bayarin sa tulong sa paupa na maaaring hanggang sa nakalipas na limang (5) taon at ikaw ay maaaring sumailalim sa mga kaparusahan kung matutukoy na sadya mong sinubukang itago ang iyong kita.

## Paano kung ang impormasyon sa EIV ay hindi tungkol sa akin?

May kakayahan ang EIV na masiwalat ang mga kaso ng potensyal na pagnanakaw ng pagkakilanlan; maaaring ginagamit ng ibang tao ang iyong numero sa social security. Kung ito ay madidiskubre, kailangan mong ipaalam sa Social Security Administration sa pamamagitan ng pagtawag sa kanila na walang bayad sa 1-800-772-1213. Makukuha ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagnanakaw sa pagkakilanlan sa website ng Social Security Administration website sa: http://www.ssa.gov/pubs/10064.html.

Ang dokumentong ito ay isang pagsasalin ng isang dokumentong ligal na ibinahagi ng HUD. Inilaan ng HUD ang pagsasaling ito bilang lamang mapadaling gumabay sa iyong pag-uunawa ng iyong mga karapatan at obligasyon. Ang bersyong Ingles ng dokumentong ito ang opisyal, ligal, at masusunod na dokumento. Ang isinaling dokumentong ito ay hindi isang opisyal na dokumento.

## Kanino ako makikipag-ugnayan kung ang aking kita o tulong sa paupa ay hindi nakakalkula nang tama?

Una, makipag-ugnayan sa iyong may-ari ng ari-arian o namamahala para sa paliwanag.

Kung kailangan mo ng karagdagang gabay, maaari kang makipag-ugnayan sa namamahala sa kontrata para sa ari-arian na iyong tinitirahan; kung ito ay hindi nalunasan nang lubusan sa iyong kasiyahan, maaari kang makipag-ugnayan sa HUD. Para sa tulong sa paghahanap sa pinakamalapit na tanggapan ng HUD para sa iyo, na maaari ring maglaan sa iyo ng mga impormasyon sa namamahala sa kontrata, maaaring tawagan ang Multifamily Housing Clearinghouse sa: 1-800-685-8470.

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon sa EIV at sa prosesong pagpapatotoo ng kita?

Maaaring maglaan sa iyo ang may-ari ng ari-arian o namamahala ng karagdagang impormasyon sa EIV at sa prosesong pagpapatotoo ng kita. Maaari ka rin nilang isangguni sa akmang namamahala sa kontrata o sa lokal na tanggapan ng HUD para sa karagdagang impormasyon.

Kung ikaw ay may daan sa isang kompyuter, maaari mong basahin ang karagdagang paksa tungkol sa EIV at ang prosesong pagpapatotoo sa Multifamily EIV homepage ng HUD sa: www.hud.gov/offices/hsg/mfh/rhiip/eiv/eivhome.cfm.